フィリピン語
（タガログ語）

Para sa mga Estudyante ng Junior High School at Magulang na Hindi Japanese ang Unang Wika

# Patnubay sa Pagpili ng Career sa Iba't Ibang Wika



Host: Kyoto City Board of Education

Suportado ng: Kyoto Prefectural Board of Education, Kyoto Prefectural International Center, Kyoto City International Foundation

Hulyo 29, 2024

# Paunang Salita

Isipin natin ang inyong kinabukasan.
Ano kaya ang kailangan para magkatotoo ang inyong mga pangarap?
Isipin natin ang "Career" —— para sa kaganapan ng inyong
mga pangarap.

Ano ang inyong pangarap? Saan ninyo gustong magtrabaho? Ang "Career" ay ang daan upang maganap ang inyong mga pangarap. Kailangang malaman ang sistema ng career o pagtanggap ng trabaho para maganap ang inyong pangarap. Mayroong mga importanteng impormasyon tulad ng paraan ng pag-aaral, sistema ng pagsusulit, kaugnay ng eskuwelahan, gastos at iba pa. Sinama namin ang mga impormasyong nais naming ipaalam sa inyo sa gabay na ito. Sana magamit ninyo ito kapag pinag-iisipan ninyo ang inyong Career.

Tala ng mga Nilalaman


- Paunang Salita (p.1)

1. Isipin ang "career" pagkatapos ng Junior High School (p.2)

2. Para maisip at maganap ang inyong "career" (p.3)

3. Iba't ibang career pagkatapos ng Junior High School (p.4)

4. Ukol sa High School (p.6)

5. Sistema ng pagsusulit sa public High School (p.10)

6. Ukol sa private High School (p.16)

7. Career maliban sa High School (p.17)

8. Listahan ng sistema ng pagsusuporta (p.18)

9. Para sa mga magulang (p.21)

Sanggunian 1: Kung saan puwedeng kumonsulta (p.22)

Sanggunian 2: Mga salitang may kaugnayan sa career (p.24)

- Pahuling Salita (p.25)

## 1. Isipin ang "career" pagkatapos ng Junior High School

**■Pagtutuloy ng pag-aaral at pagtatrabaho**

Mga 98% ng mga estudyanteng nagtapos ng pag-aaral sa Junior High School ang tumutuloy sa High School o sa mga specialized training school at iba pa, dito sa Bansang Hapon. Masalimuot ang lipunan dito kaya kailangan sa pamumuhay at sa trabaho ang dalubhasang kaalaman at kakayahan. Kaya naman karamihan sa mga estudyante sa Junior High School na nais tuparin ang pangarap ay tumutuloy sa High School o vocational school para magkaroon sila ng advanced na kaalaman at kakayahan. Siyempre, mayroon rin namang nagtatrabaho agad pagkatapos ng Junior High School. Mayroon ring eskuwelahan kung saan maaaring mag-aral at magtrabaho nang sabay.

**■Ano ang puwedeng gawin kapag hindi mapagdesisyunan ang career?**

Maaaring makipag-usap sa pamilya at mga kaibigan o kumonsulta sa mga guro. Mayroon ring iba't ibang support group na handang tumulong sa inyo. Huwag mamroblema nang nag-iisa kundi makinig sa opinyon nang maraming tao, mangolekta ng impormasyon, at mag-isip ng sariling kinabukasan.

**■Para sa mga magulang**

Sa palagay namin, maraming pagkakaiba ang sistema ng edukasyon o kalagayan ng lipunan dito sa Japan at sa inyong bansa. Importante ang career sa kinabukasan ng inyong anak, kaya hangga't maaari ay lipunin ang maraming impormasyon at sabayan ang inyong anak sa pagdedesisyon tungkol sa kanilang career. Maraming lugar kung saan maaaring kumonsulta sa inyong wika. Nakalista ang mga ito sa Sanggunian 1 (p.22~). Magamit sana ninyo ito.

Ang sistema ng entrance exam at ng High School ay kumplikado at kung minsan ay nag-iiba depende sa taon. Alamin ang mga bagong impormasyon mula sa mga guro sa paaralan.

## 2. Para maisip at maganap ang inyong “career”

### ■Isipin ang sariling “career”

Sa tatlong taon ng Junior High School, may isinasagawang iba't ibang aralin tungkol sa career. Halimbawa nito ay ang “Pananaliksik sa iba't ibang uri ng trabaho”at “Pananaliksik sa mga eskuwelahan ng High School”, at mga aktibidad para sa karanasan tulad ng “Working experience” at “High School experience”. Samantalahin ang mga pagkakataong ito upang hanapin at tuparin ang pangarap para sa kinabukasan.

### ■Iskedyul ng isang taon ukol sa career (depende sa paaralan at lugar)


Mabilis lumipas ang isang taon kapag 3rd year Junior High School. Kailangang gumawa ng iskedyul ng paghahanda para maganap ang inyong career. Ang huling desisyon kung “kukuha ng pagsusulit o magtatrabaho” at “aling paaralan kukuha ng pagsusulit”ay gagawin sa Disyembre. Kumonsulta sa mga magulang at guro at magdesisyon hanggang sa buwang ito. Tignan natin ang iskedyul ng isang taon ukol sa career.

| | | Sa Junior High School | Sa High School |
|---|---|---|---|
| Abril hanggang Hunyo | | Career advancement meeting para sa mga magulang | Explanatory meeting ng mga High School |
| Hulyo | | Survey para sa napiling career advancement, Pulong ng guro, magulang at estudyante | Pagdalo sa mga eskuwelahan ng high school at pagsubok sa mga club activity roon atbp. |
| Agosto | | | |
| Setyembre at Oktubre | | Career advancement meeting para sa mga magulang, Pagkonsulta ng career advancement | ↓ |
| Nobyembre | | Pagkonsulta ng career advancement, Survey para sa napiling career advancement | ↓ |
| Disyembre | | Pagkonsulta ng career advancement | ↓ |
| Enero | Simula | (Pagpasa ng report ng mga estudyanteng may special circumstances) Paghahanda at pagpapasa ng application form para sa exam | Exam para sa pagtatrabaho |
| Pebrero | Simula | Paghahanda ng application form para sa exam atbp. | Entrance exam ng private school (sa Shiga at Nara), Special selection para sa mga “returnee children from extended stays in China” |
| | Kalagitnaan | Paghahanda ng application form para sa exam atbp. | Entrance exam ng private school (sa Kyoto, Osaka at Hyogo) First Stage Selection ng public high school,Special selection para sa pagtanggap sa mga papasok na mag aaral. |
| Marso | Simula | | Intermediate Selection ng public high school |
| | Katapusan | | Final Stage Selection ng public high school, Recruitment ng public correspondence course |

## 3. Iba't ibang career pagkatapos ng Junior High School

■Iba't ibang career

May iba't ibang career na puwedeng kunin pagkatapos ng Junior High School. May pagpapatuloy ng pag-aaral na ang tawag ay "shinggaku" at pagtatrabaho na ang tawag ay "shuushoku". Sa "shinggaku", may iba't ibang uri ng eskuwelahang mapapasukan.




■Upang makapasok sa High School

Kahit sinong may taong 15 pataas at nagtapos ng Junior High School dito sa Bansang Hapon o sa dayuhan ay maaaring kumuha ng pasusulit sa High School. Kung nakapasa sa pagsusulit, ay maaring pumasok sa High School. Ngunit kailangang nakatapos ng siyam na taong pag-aaral kung nagtapos ng paaralan sa ibang bansa.

**A High School (Koto-gakko)** (karaniwan ay 3 taon)

- May tatlong kurso "full-time," "part-time" at "correspondence" course. (tignan ang 4-2 sa p.7)
- May mga kurso tulad ng Pangkaraniwang Aralin at Pandalubhasang Aralin kung saan ang itinuturo ay mga natatanging pag-aaral (tulad ng pang-negosyo, pang-industriya, atbp.), at integrated subject.
- Pagkatapos ng High School, may tumutuloy sa unibersidad, junior college, technical college, vocational school at iba pang uri ng paaralan at mayroon ding nagtatrabaho.

**B Technical College (Koto Senmon-gakko)** (5 taon)

- Kapag nagtapos ng pag-aaral sa technichal college, makakakuha ng diploma na junior college graduate. Halimbawa ng ganitong paaralan ay ang Maizuru National College of Techonology, Nara National College of Techonology, Toba National College of Maritime Technology, atbp.
- May nagtatrabaho pagkatapos mag-graduate at mayroon ring lumilipat sa ibang college kapag 3rd year na.

**C Mataas na Vocational School (Koto Senshu-gakko)** (3 taon)

- Para sa mga nais matuto ng skills at kumuha ng lisensya. May pang-negosyo, panluto, informatics, atbp.
- May paaralan kung saan makakakuha ng diploma na High School graduate pagkatapos ng 3 taon sa pamamagitan ng relasyon sa ibang correspondence High School.

**D Miscellaneous School (Kakushu-gakko)** (kalahati hanggang 1 taon)

- Para sa mga nais matuto ng skills, ngunit hindi makakakuha ng diploma na High School graduate.

**E Pagtatrabaho (Shushoku), Pagtulong sa bahay (Kaji-tetsudai)**

- May pagpapakilala sa pamamagitan ng "Employment Agency (Hello Work)"o sa pamamagitan ng kakilala. Maaaring kumuha ng part-time course o correspondence course upang makapag-aral habang nagtatrabaho.

## 4. Ukol sa High School

### ■Uri ng High School

Maaaring hatiin ang kaugnayan sa 1) Nagtayo ng paaralan, 2) Iskedyul ng klase at paraan ng pag-aaral, 3) Nilalaman ng mga aralin

### 1) Iba't ibang High School depende sa nagtayo

Maaaring hatiin sa dalawa -"public high school"at "private high school," depende sa nagtayo ng paaralan.

| | Public High School | Private High School |
|---|---|---|
| Nagtayo | Kyoto Prefecture o Kyoto City | Incorporated Educational Institution |
| Estudyante | Coeducation | Coeducation. May paaralan na lalaki lamang o babae lamang. |
| School District | May nakatakdang lugar o district na maaaring kumuha ngpagsusulit (Pangkaraniwang Aralin) | Maaaring kumuha ng pagsusulit ng kahit anong paaralan. |
| Petsa at Nilalaman ng pagsusulit | Pareho ang petsa at nilalaman ng pagsusulit sa lahat ng public high school. (may exception) | Magkakaiba ayon sa paaralan. (Pareho ang petsa ng unang araw ng pagsusulit sa Kyoto, Osaka at Hyogo) |
| Examination fee | (Full-time) ¥2,200<br>(Part-time) ¥900 | ¥15,000-¥20,000 |
| Entrance fee | (Full-time) ¥5,650<br>(Part-time) ¥980 | ¥50,000-¥150,000 |
| Tuition fee | (Full-time)<br>¥118,800(kada taon)<br>(Part-time)<br>¥15,000(kada taon) | (Full-time)¥366,000-¥850,000<br>(Magiging mura kapag mayroon g ayudang pinansiyal mula sa gobyerno..) |
| Iba pang gastos | Magkakaiba ayon sa paaralan | Facility expenses ¥50,000-¥100,000<br>Education fee ¥80,000-¥130,000 |

- Mayroon ding National High School na tinayo ng bayan. (Halimbawa ang Senior High School Attached to Kyoto University of Education) Magiging mura kapag mayroon tulong sa bansa.
- Ang bayad para sa pagsusulit at iba pang dapat bayaran ay para lamang sa FY2023.
- Bukod sa tuition fee, may mga gastusin tulad ng gastos sa teksbuk, uniporme, study trip, atbp.
- Sa Pebrero ~ Marso bago pumasok sa high school, kailangan ang malaking halaga (para sa entrance fee, uniporme, atbp). Sa private high school, mga ¥500,000, kahit na sa public high school mga ¥200,000 ang halaga na dapat ihahanda.
- Maaaring maging libre o mabawasan ang tuition fee dahil sa kondisyon ng pamilya. Maaaring gamitin ang sistema ng scholarship (tignan ang 8 mula sa p.18).

**2) Iba't ibang High School depende sa iskedyul ng klase at paraan ng pag-aaral**

May tatlong kurso depende sa iskedyul ng klase o paraan ng pag-aaral – full-time, part-time at correspondence.

| | Full-time | Part-time | Correspondence |
|---|---|---|---|
| Araw at oras na may pasok | Mula Lunes hanggang Biyernes 8:30-16:00 | Mula Lunes hanggang Biyernes 17:30(16:20)-21:30 (kapag panggabi) | Mga 20 araw sa isang taon (classroom lectures) |
| Oras ng klase | 50 minuto sa isang klase, 6 oras sa lahat | 45 minuto sa isang klase, 4 oras sa lahat | classroom lectures |
| Panahon hanggang sa pagtatapos ng kurso | 3 taon | 4 taon (*) | Mas higit pa sa 3 taon |
| Aralin | Pangkaraniwang Aralin, Pandalubhasang Aralin (tulad ng Industriya, Agrikultura, atbp.), Pangkalahatang Aralin | Pangkaraniwang Aralin, Pandalubhasang Aralin (tulad ng Industriya, Negosyo, atbp.) | Pangkaraninwang Aralin |
| Iba pa | May ibang mga high school na may pasok sa araw ng Sabado at/o di kaya ay may klase paglampas ng alas 4 ng hapon. | May part-time din na pang-araw. | Bukod sa classroom lectures, makakakuha ng credit sa pagsusumite ng report at iksaminasyon. |

* May part-time course din na maaaring magtapos sa 3 taon.

**3) Iba't ibang High School depende sa nilalaman ng mga aralin**

Nahahati sa dalawang uri – Pangkaraniwang Aralin at Pandalubhasang Aralin – depende sa mga bagay na pag-aaralan. Ang sumusunod ay halimbawa ng isang public high school.

| | |
|---|---|
| Pangkaraniwang Aralin | Kurso kung saan ang pangunahing aralin ay ang mga pangkaraniwang subject.<br>* Sa loob ng Pangkaraniwang Aralin, may mga Pandalubhasang Kurso. Magkakaiba ang mga kursong ito sa bawat paaralan. (Halimbawa ay P.E. Course, English Course atbp.) |
| Pandalubhasang Aralin | Pag-aralan ang ang maraming ispesyal na subject, pati na rin ang mga pangkaraniwang subject. |
| | Pangnegosyo, Pang-industriya, Pang-fishery, Pang-agrikultura, Pang-impormasyon<br>Special education (Art, Musika,Welfare, atbp.) |

■ **Buhay at pamamaraan sa High School**

Sa Japan, ang elementary school at junior high school ay "obligadong edukasyon", ngunit mula high school pataas ay hindi "obligadong edukasyon". Dahil dito, maraming pagkakaiba ang high school sa junior high school.

① Ang bawat paaralan ng High School ay may sariling katangian

Sa public elementary schools at junior high schools, parehong mga bagay ang natututunan kahit saan mang paaralan sa buong Japan, ngunit sa high school ang binibigyan ng halaga sa pag-aaral ng bawat paaralan ay nag-iiba. Dagdag pa rito, kahit na sa loob ng parehong paaralan, kung ang departamento ay naiiba, ang nilalaman ng matutunan (curriculum ng edukasyon) ay naiiba rin. Bukod dito, kahit na sa loob ng parehong departamento may mga kurso at elective na subjects, kaya mahalagang pag-isipan at piliin ang sariling aaralin. Para sa mga katangian ng bawat paaralan, kumunsulta sa inyong guro sa junior high school, dumalo sa orientation ng mga paaralan ng high school at pumunta kapag nagkaroon ng open school, upang sariling matignan kung anong uri ng paaralan ito.

② May “credit (o yunit)” at “grade detention”

Sa high school, kung hindi ipinakita ang mga resulta ng pag-aaral sa pamamagitan ng pang-araw-araw na pag-aaral at s aregular na mga tests, hindi makakakuha ng mga "credits” para sa subject na iyon. Bilang karagdagan, kapag marami ang mga araw na hindi pumasok sa mga klase, hindi rin makukuha ang mga “credit” (sa kaso ng mga public high school sa Kyoto, ang tatlong beses na pagkahuli sa klase ay tinuturing na isang araw na hindi pagpasok).

Kung hindi makuha ang bilang ng mga "credit" na itinakda ng paaralan, hindi ka makaka-akyat sa susunod na baitang. Ito ay tinatawag na "grade detention" (tinatawag ding "pag-uulit ng taon"). Sa kasong ito, kailangan magsimula muli sa parehong taon sa susunod na taon. Samakatuwid, hindi lamang ang pagpasa ang isa-isip, mahalaga na pumili ng isang paaralan naaangkop sa sariling kakayahan at kurso na ang nilalaman ay ang nais mapag-aralan. Kumunsulta ng husto sa inyong guro sa junior high school.

*[ Credit ]… Ito ay kung ilang oras ang klase sa isang linggo. Halimbawa, ang subject na English ay 5 oras sa isang linggo, ito ay “5 credits”. Ang markang 2 o mas mataas pa ay “nakuhang credit”, kapag ang marka ay 1, “hindi nakuhang credit” ito.

③ May “dropout”

Mayroong "suspension" na isinasagawa kapag ang mga patakaran ng paaralan ay nilabag (depende sa kaso), at ang "pagpapaalis" ay isinasagawa kapag may ginawang iligal (depende sa kaso) o paulit-ulit na nagkakaroon ng grade detention. Ang mga patakaran ng paaralan ay nag-iiba sa bawat paaralan. Halimbawa, tungkol sa damit, istilo ng buhok, atbp, may mga paaralan ay may detalyadong tuntunin sa kulay at haba at may paaralan namang hindi mahigpit. Ang kapaligiran ng paaralan na tinatawag na "istilo ng paaralan" ay naiiba din. Siguraduhing lumahok sa open school at orientation ng iba’t-ibang paaralan upang maranasan ang kapaligiran ng paaralan.

④ Kailangan ang tuition fee at bayad sa mga textbooks

Libre ang tuition fee sa elementary school at junior high school ngunit sa high school, kahit na sa public high school, kailangang magbayad ng tuition fee. Kailangan ding bilhin ang mga textbooks (sa part-time na high school, batay sa mga kondisyon, ibinibigay ito ng libre).

*Para sa pinansyal na tulong, tignan ang huling bahagi mula pahina 18.

⑤ Walang tanghalian

May tanghalian sa mga public elementary school at junior high school (optional) ngunit wala sa high school.

(*May mga panggabing part-time na high school na nagbibigay ng pagkain.)

Kaya kailangang magdala ng tanghalian araw-araw. May mga paaralang may kantina at may mga paaralan namang wala. Tiyakin lamang ito bago magumpisa ang pasukan.

⑥ Ang oras ng biyahe papunta at pauwi mula sa paaralan ay hahaba

Dahil pumapasok sa public junior high school ng tinitirahang lugar, karaniwan ay nilalakad lamang hanggang paaralan. Sa high school, malawak ang lugar na mapagpipilian kaya kadalasan ang oras ng pagpunta at paguwi mula sa paaralan ay humahaba. Lalo na kapag gumamit ng tren o bus, kailangan din ang pamasahe.Para sa paraan ng pumunta sa paaralan at ang oras na kailangan bumiyahe, pumunta sa mga orientation ng paaralan at sa open school, at alamin ito ng maaga.

## 5. Ang iba't-ibang sistema ng pagsusulit ng public High School

### 1) Special Selection of Entrants

May mga natatanging pagsusulit tulad ng pagsusulit para sa mga "returnee children na may mga magulang na nagtatrabaho sa dayuhang bansa", "returnee children from extended stays in China", "estudyanteng lumiban sa klase nang matagal na panahon", "adult students", "Kyoto Prefectural Seimei High School Special Students Selection", "Kyoto Prefectural Seishin High School Special Students Selection" at "Kyoto City Kyoto Sowa High School Special Enrollee Selection" sa public High School. Ang pagsusulit ay halos kasabay lang na gaganapin ng First Stage Selection na ipinapaliwanag sa P.13. Ang impormal na resulta ay ipapahayag sa kalagitnaan ng Pebrero at ang pormal na resulta sa kalagitnaan ng Marso. Magtanong sa Junior High School para sa detalye ng mga nasabing sistema.

Ang mga aplikanteng nakapasa sa impormal na resulta ay hindi maaaring kumuha ng pagsusulit sa ibang public High School. Ang hindi naman nakapasa ay maaaring magsulit sa general selection.

**A. Special selection para sa mga returnee children na may mga magulang na nagtatrabaho sa dayuhang bansa**

| | |
|---|---|
| Paaralan | Full-time: Pangkaraniwang Aralin sa Toba High School, Pangkaraniwang Aralin sa Nishimaizuru High School |
| Kung sino | Ang mga anak ng magulang na nagtatrabaho sa dayuhang bansa, na nanatili roon nang mahigit isang taon at bumalik pagkatapos ng una ng Pebrero ng grade 6 ng elementary school. |
| Paraan ng pagpili | Academic Achievement Test (Japanese, Math, English), Interbyu, Written Report |
| Bilang ng tatanggaping estudyante | 5 estudyante sa bawat paaralan |

**B. Special selection para sa mga returnee children from extended stays in China**

| | |
|---|---|
| Paaralan | Full-time: Pangkaraniwang Aralin sa Toba High School, Pangkaraniwang Aralin sa Nishimaizuru High School<br>Part-time: Pangkaraniwang Aralin sa Toba High School, Pangkaraniwang Aralin sa Higashimaizuru High School Ukishima Branch |
| Kung sino | Mga returnee children from extended stays in China na pumasok sa grade 4 pataas ng elementary school. |
| Paraan ng pagpili | Academic Achievement Test (Japanese, Math, English), Interbyu, Written Report |
| Bilang ng tatanggaping estudyante | 5 estudyante sa bawat paaralan |

**C. Special selection para sa mga adult students**

| | |
|---|---|
| Paaralan | Part-time: Pangkaraniwang Aralin sa Ouki High School, Suzaku High School(Credit-based System) at Toba High School, Pangkaraniwang Aralin at Pangnegosyong Aralin sa Momoyama High School(Credit-based System) |
| Kung sino | 20 taong gulang pataas , Isang taong hindi pa nakapagtapos ng high school |
| Paraan ng pagpili | Interbyu at pagsusulat ng komposisyon. (Hindi na kukuha ng Academic Achievement Test.) |

| | |
|---|---|
| Bilang ng tatanggaping estudyante | Mula 3 hanggang 9 estudyante（depende sa paaralan） |

**D. Special selection para sa mga estudyanteng lumiban sa klase nang matagal na panahon**

| | |
|---|---|
| Paaralan | Full-time: Pangkaraniwang Aralin sa Suzaku High School at Otokuni High School, Pangkaraniwang Aralin sa Joyo High School at Nishimaizuru High School<br>Part-time: Pangkaraniwang Aralin sa Saikyo High School |
| Kung sino | Mga estudyanteng may 30 pataas na araw ng pagliban ng klase sa isang taon noong junior high school. |
| Paraan ng pagpili | Academic Achievement Test （Japanese, Math, English）, Interbyu, Pagsusulat ng komposisyon, Written Report |
| Bilang ng tatanggaping estudyante | Mula 5 hanggang 10 estudyante（depende sa paaralan） |

**E. Kyoto Prefectural Seimei High School Special Student Selection**

| | |
|---|---|
| Curriculum | General Education curriculum (Dalawang shift ng klase, isa sa umaga at isa sa hapon. At isang pang-gabing klase na may credit system) |
| Mga Estudyante | Mga estudyante na kwalipikadong aplikante sa Kyoto Prefectural Seimei High School Special Student Selection.<br>Mga karapat-dapat na mga estudyante na hinahanap ng high school principal at yung mga gustong mag-aral mismo sa paaralang ito. |
| Paraan ng Pagpili | Unang Paraan: Academic Ability (Japanese, Mathematics and English), interview, essay at report.<br>Ikalawang Paraan: Interview at Essay |
| Bilang ng tatanggaping estudyante | Unang Paraan: 40 porsiyento ng mga estudyante.<br>Ikalawang Paraan: 60 porsiyento ng mga estudyante. |

**F. Kyoto Prefectural Seishin High School Special Student Selection**

| | |
|---|---|
| Curriculum | Komprehensibong kurikulum ng edukasyon (pang-araw (part-time system ba-tay sa credit system)) |
| Mga Estudyante | Mga estudyante na kwalipikadong aplikante sa Kyoto Prefectural Seishin High School Special Student Selection.<br>Mga karapat-dapat na mga estudyante na hinahanap ng high school principal at yung mga gustong mag-aral mismo sa paaralang ito. |
| Paraan ng Pagpili | Unang Paraan: Academic Ability (Japanese, Mathematics and English), interview at report.<br>Ikalawang Paraan: Ability (Japanese, Mathematics and English),interview at Essay |
| Bilang ng tatanggaping estudyante | Unang Paraan: 50 porsiyento ng mga estudyante.<br>Ikalawang Paraan: 50 porsiyento ng mga estudyante. |

**G. Kyoto City Kyoto Sowa High School Special Enrollee Selection (Balak na plano)**

| | |
|---|---|
| Curriculum | General Education curriculum (Pang-araw at pang-gabi na 4 na shift ng klase <part-time system batay sa credit system>) |
| Mga Estudyante | Mga estudyante na kwalipikadong aplikante sa public high school ng Kyoto Prefecture<br>Mga taong kailangang mag-aral muli tulad ng mga may karanasang hindi pumasok sa paaralan, mga nahihirapang mag-aral dahil sa katangian ng kanilang pag-uugali o pag-uunawa (Kailangan ng deklarasyon mula sa punong-guro ng junior high school) |
| Paraan ng Pagpili | Isasagawa ang sumusunod na 2 tests.<br>-Test A (Academic Achievement Test) Japanese, Math, English<br>-Test B (Personal na interbyu)<br>(1) Motibasyon sa ambisyon<br>(2) Ang pinagsikapan hanggang sa pagsusulit (sa pag-aaral at mga aktibidad) |
| Bilang ng tatanggaping estudyante | 80 estudyante |

**2) First Stage Selection (Full-time, at part-time ng departamento ng Agrikultura at Home Economics)**

| Sa simula hanggang kalagitnaan ng Pebrero<br>Pagpasa ng aplikasyon | → | Sa kalagitnaan ng Pebrero<br>Academic Achievement Test atbp. | → | Sa kalagitnaan hanggang katapusan ng Pebrero<br>Pagpapahayag ng resulta ng eksaminasyon |
|---|---|---|---|---|

* Maaaring lamang kumuha ng pagsusulit para sa iisang kurso sa iisang high school.
* May tatlong paraan ng pagpili at iyon ay ang A, B at C. Magkakaiba ang paraan ng selection sa bawat high school, kaya tanungin sa titser sa junior high school kung aling paraan ang ginagamit sa paaralang kukunan ng pagsusulit.

| | |
|---|---|
| Paraan A | * Academic Achievement Test (hindi hihigit sa 5 subject)<br>* Isa o dalawa sa pagsasailalim sa interbyu at pagsusulat ng komposisyon (sanaysay) * Written Report * Written Report of Actual Performances/Achievements (May mga paaralang hindi ito kailangan) |
| Paraan B | * Interbyu<br>* Pagsusulat ng komposisyon * Written Report<br>* Written Report of Actual Performances/Achievements |
| Paraan C | * Academic Achievement Test (hindi hihigit sa 5 subject)<br>* Isa o dalawa sa pagsasailalaim sa interbyu at pagsusulat ng komposisyon(sanaysay) * Written Report<br>* Written Report of Actual Performances/Achievements |

### 3) Intermediate Selection

| Sa kalagitnaan hanggang katapusan ng Pebrero<br><br>Pagpasa ng aplikasyon | → | Sa simula hanggang ka-lagitnaan ng Marso<br>Academic Achievement Test atbp. | → | Sa kalagitnaan ng Marso<br><br>Pagpapahayag ng resulta ng eksaminasyon |
|---|---|---|---|---|

* Pareho ang paraan ng pagpili sa Pangkaraniwang Aralin at Pandalubhasang Aralin.

* Maaarin mag-apply sa dalawang paaralan bilang pangunahing kagustuhan(may Rank 1 at Rank 2 sa loob nito).

* Maaari ring isulat ang pangalawang kagustuhan. Isasaalang-alang ito ng paaralan kapag hindi sapat ang bilang ng pasado mula sa mga aplikanteng may pangunah-ing kagustuhan sa paaralang iyon(sila ang bibigyan ng prayoridad).

* Bilang paraan ng pagpili, isasaalang-alang ang Written Report at resulta ng Pangkalahatang Academic Achiecvement Test na ipapaliwanag sa ibaba.

#### i) Written Report

Ang grado (1-5 points) sa bawat subject sa huling semestre ay kinakalkula sa sumusunod na paraan.

| | |
|---|---|
| A | Grado sa 5subjects (Japanese, Social Studies, Math, Science, English)×1×3taon |
| B | Grado sa 4subjects (Music, Art, P.E., Home Economics and Industrial Arts)×2×3taon |

(Halimbawa) Kapag 5 ang grado sa lahat ng 9 subjects sa tatlong taon, ang grado sa School Transcript ay "195 points".

| | A | | | | | B | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Subject | Japanese | Social Studies | Math | Science | English | Music | Art | P.E. | Home Economics | Total |
| Unang taon | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5×2 | 5×2 | 5×2 | 5×2 | 65 |
| Ikalawang taon | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5×2 | 5×2 | 5×2 | 5×2 | 65 |
| Ikatlong taon | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5×2 | 5×2 | 5×2 | 5×2 | 65 |
| Total | 15 | 15 | 15 | 15 | 15 | 30 | 30 | 30 | 30 | 195 |

#### ii) Pangkalahatang Academic Achievement Test

Sa nakatakdang araw, kukuha ng pagsusulit sa 5 subject na Japanese, Social Studies, Math, Science at English.

(40 points sa bawat subject) × ( 5 subject) = (200 points sa kabuuan) ang pagsusulit na ito. Sa Intermediate Selection, pareho ang nilalaman ng pagsusulit sa lahat ng paaralan sa anumang subject.

**4) Final Stage Selection**

| Sa kalagitnaan ng Marso<br>Pagpasa ng aplikasyon | → | Sa kalagitnaan hanggang katapusan ng Marso<br>Academic Achievement Test atbp. | → | Sa katapusan ng Marso<br>Pagpapahayag ng resulta ng eksaminasyon |
|---|---|---|---|---|

* Maaaring ganapin ito kapag may high school (aralin) na labis na kulang pa rin ang bilang ng natanggap na estudyante pagkatapos ganapin ang First Stage Selection at Intermediate Selection. Sabay na ipapahayag kung magsasagawa ba o hindi ng Final Stage Selection at kung sino ang pumasa sa Intermediate Selection.
* Bilang paraan ng pagpili, isasaalang-alang ang Written Report, resulta ng Pangkala-hatang Academic Achievement Test (Japanese, Math at English) at resulta ng interbyu.

**"Espesyal na Panukala para sa mga Dayuhang Estudyante atbp. na Nais Kumuha ng Academic Achievement Test sa Entrants Selection ng mga Senior High School sa Kyoto Prefecture"**

Sa mga entrants selection ng mga senior high school sa Kyoto Prefecture sa taong 2025, maaaring gamitin ang espesyal na panukala para sa mga estudyanteng naaang-kop sa sumusunod na (1) at (2).

(1) Estudyanteng dumating sa Japan pagkatapos ng ikauna ng Pebrero ng 2022
(2) Estudyanteng nanirahan sa ibang bansa nang mahigit sa isang taon nang hindi bumabalik sa Japan

Kailangan ng kahilingan mula sa principal ng junior high school na pinasukan.

Mga Nilalaman ng Espesyal na Panukala

i Lalagyan ng Hiragana ang mga Kanji sa Academic Achievement Test
ii Hanggang 10 minuto lang ang oras ng pagsusulit sa bawat subject
  * Sa ibang klasrum kukuha ng pagsusulit.

Tungkol sa mga detalye ng espesyal na panukala, tanungin sa paaralan simula Setyembre.

## 6. Ukol sa private High School

**■Pagsusulit sa private High School**

Ang pagsusulit sa private High School ay maaaring hatiin sa tatlo – 1) recommendation exam, 2) pagsusulit sa iisang paaralan, at 3)pagsusulit sa ilang mga paaralan (general entrance exam).

**1) Recommendation Exam**

| | |
|---|---|
| Kung sino | Estudyanteng mahusay ang grado at pagkatao, at maaaring irekomenda ng principal.Estudyanteng first choice ang nasabing paaralan at **kung nakapasa ay tiyak na papasok rito**. |
| Ang maaaring magsulit | Estudyanteng nakaabot sa itinakdang standard ng bawat High School. |
| Pagkatapos ng pagpapahayag ng resulta | **Dapat pumasok sa paaralang iyon kung nakapasa** |
| Iba pa | May mga paaralang titignan lamang ang mga dokumento para magdesisyon. May mga paaralan rin kung saan maaaring maging libre o mabawasan ang tuition fee. |

**2) Pagsusulit sa iisang paaralan**

| | |
|---|---|
| Kung sino | Estudyanteng first choice ang nasabing paaralan at **kung nakapasa ay tiyak na papasok rito**. |
| Ang maaaring magsulit | Estudyanteng nakaabot sa standard ng gradong itinakda ng bawat High School. |
| Pagkatapos ng pagpapahayag ng resulta | **Dapat pumasok sa paaralang iyon kung nakapasa** |
| Iba pa | Maaaring unahing piliin kaysa sa mga estudyanteng nagsulit sa iba pang paaralan. |

**3) Pagsusulit sa ilang mga paaralan (General Entrance Exam)**

| | |
|---|---|
| Kung sino | Estudyanteng ibang paaralan ang first choice. |
| Ang maaaring magsulit | Walang standard. |
| Pagkatapos ng pagpapahayag ng resulta | **Hindi talagang kailangang pumasok sa paaralang iyon kung nakapasa** |
| Iba pa | Kung public High School ang first choice, maaaring hintayin ng private High School ang enrollment application hanggang matapos ang pagpapahayag ng resulta ng pagsusulit sa public High School. |

**■Pagpasa o Pagbagsak sa Pagsusulit sa Private High School**

Pagpapasyahan ito sa pamamagitan ng entrance exam, School Transcript at interview. Iba-iba ang subject at nilalaman ng pagsusulit sa bawat High School. Karaniwan ay ginagamit sa School Transcript ang grado sa ikatlong taon lamang ng Junior High School, ngunit may paaralan ring ginagamit ang lahat ng grado mula unang taon.

## 7. Career maliban sa High School

**■Vocational School, Miscellaneous School**

Ang vocational school at miscellaneous school ay mga paaralan para sa mga nais magtrabaho ng trabahong may nakatakdang skill o lisensya. Tulad ng Information Processing, Negosyo, Kultura at Sining, Pagluluto, Pananamit, Construction, Hairdressing and Beauty, atbp.

Ngunit ang matrikula ay halos pareho lang sa private high school. Kaya, dapat magsiyasat nang mabuti tungkol dito.

**■Pagtatrabaho**

Wala na masyadong tinatanggap sa trabahong nakapagtapos lamang ng junior high school. Ang mga dahilan nito ay ang sitwasyon ng lipunan tulad ng depression at dahil maraming tumitigil kaagad pagkatapos natanggap. Kaya ang mga nais nang magtrabaho ay dapat isipin ang mga tungkulin at responsibilidad, at intindihin kung gaano kahigpit ang pagtatrabaho.

Sa kaso ng pagtatrabaho, ipinapakilala ng paaralan ng junior high school ang estudyante sa trabaho sa pamamagitan ng "Employment Agency (Hello Work)". May kaso rin kung saan ang kakilala ang nagpapakilala, ngunit mas maganda na ring dumaan sa employment agency para maiwasan ang problema tulad ng suweldo o oras ng pagtatrabaho.

**■Mag-aral habang nagtatrabaho**

Maaaring mag-aral sa high school na may part-time course o correspondence course habang nagtatrabaho. Mas mura kaysa sa full-time na high school ang kinakailangang gastos. May mga paaralan din na kahit sa gabi ang klase ay naghahanda ng pagkain. Makakakuha ng high School graduate na diploma kapag nakapagtapos ng part-time course o correspondence course, at marami ring tumutuloy sa college. May sistema rin ng enrollment na hindi kailangan ng pagsusulit para sa mga taong 20 at pataas na ang edad. Para sa mga detalye, tignan ang 5-1)-C sa p.10.

## 8. Listahan ng sistema ng pagsusuporta

Ang "sistema ng pagsusuporta" ay sistema para tulungan ang mga pamilyang may problemang pang-ekonomiya para sa mga kinakailangang gastos sa paaralan. Nahahati ito sa tatlong uri – "**Pagbibigay**" (may perang natatanggap), "**Pagpababa**" (isang bahagi ay hindi kailangang bayaran), at "**Loan**" (hihiramin ang pera). May mga rule ukol sa nilalaman ng pagsusuporta o kung sino ang puwedeng tumanggap ng suporta sa sistemang ito, kaya kumonsulta lamang sa mga junior high school o high school para sa mga detalye.

Ang matrikula ng public high school ay libre.ngunit depende sa kita(Income ng pamilya) Kung mas mababa sa 9,100,000yen ang suma ng kita sa buong taon. Ang private high school ay may bayad, subalit humigit-kumulang sa 120,000 hanggang mga 390,000 yen ay babayaran ng gobyerno, depende sa income ng pamilya. Karagdagan dito, nabuo ang [Kyoto "Anshin" Study Support System] ng Kyoto Prefecture sa tulong ng mga private high school. **Kapag mababa ang kinikita sa isang taon, magiging libre ang matrikula.** Magtanong lamang sa high school na papasukan.

Bagaman, sa sistemang ito, **ang iba pang gastusin na kinokolekta ng paaralan bukod sa matrikula (tulad ng entrance fee, study trip expense, excursion expense, teaching material fee, atbp.) ay hindi magiging libre at katulad ng dati, kailangan itong bayaran.** Sa karagdagan, may kaso rin kung saan may kailangan pang bayaran sa high school bago magsimula ang pagsusuporta kaya dapat maghanda ng pera sa Pebrero at Marso.
Mayroon ring sistemang tinatawag na "Tsunagi Fund" na kung saan pwedeng mag loan ang estudyante hanggang ang gastusin ay masagutan sa pamamagitan ng tulad ng "assistance system". Kailangan ng hiwalay na aplikasyon ukol sa sistemang ito.

■ **Financial Support System** ( Magtanong sa Junior High School para sa mga detalye.)

| Kyoto "Anshin" Study Support System | | Pagpababa |
|---|---|---|
| Kung sino | High school student na nakatira at nag-aaral sa isang private high school sa loob ng Kyoto Prefecture. | |
| Ibibigay na halaga | -Ang pamilyang tumatanggap ng pampublikong tulong ay bibigyan ng suporta hanggang ¥980,000.<br>-Ang pamilyang kumikita ng batayang halagang ¥5,900,000 pababa ay bibigyan ng hanggang ¥650,000<br>-Ang pamilyang kumikita ng batayang halagang ¥ 5,900,000 ~ 7,300,000 pababa ay bibigyan ng hanggang ¥264,000.<br>-Ang pamilyang kumikita ng batayang halagang ¥ 7,300,000 ~ 9,100,000 pababa ay bibigyan ng hanggang ¥198,800. | |
| Kung saan magtatanong | Sa bawat private high school. | |

| Pagsusuporta Para sa Pag-aaral sa High School Base sa Livelihood Protection Law (Seikatsu-hogo-ho niyoru Koko Syugaku Fujo) | Pagbibigay |
|---|---|
| Kung sino | Pamilya sa loob ng Kyoto Prefecture o Kyoto City na tumatanggap ng pampublikong suporta. |
| Ibibigay na halaga | - Gastos para sa school supplies, school-commuting supplies, atbp. ¥5,300 sa isang buwan<br>- Entrance examination fee (examination fee) sa loob ng ¥30,000<br>- Uniporme, bag, sapatos at iba pa sa loob ng sa loob ng ¥87,900<br>- Gastos para sa klase, gastos para sa student council sa bawat buwan sa loob ng ¥2,330 sa isang buwan<br>- Pamasahe actual cost<br>- Extracurricular club activity fee actual cost (sa loob ng ¥84,600 sa isang taon)<br>- Gastos para sa mga materyales ng pag-aaral (text book, supplementary book, atbp) actual cost |
| Kung saan magtatanong | Prefectural Health Care Center・Welfare Office sa bawat lungsod |

| Proyektong sumusuporta sa pag-aaral ng mga high school na estudyante atbp. (Kyoto-fu Kokosei tou Shugaku Shien Jigyo) | Pagpapa-utang |
|---|---|
| Kung sino | High school na estudyanteng gustong mag-aral pero hindi makapagpatuloy dahil sa kahirapan. |
| Halaga ng ipapautang | ① Sistema ng pagpapautang ng pera para sa pagpasok sa high school<br>Sa publiko ay hanggang ¥18,000 sa isang buwan, sa pribado ay hanggang ¥30,000 sa isang buwan.<br>Ang kondisyon ay hindi sosobra sa ¥4,720,000 ang sahod ng pamilya sa isang taon sa kaso ng apat na tao sa pamilya.<br>② Sistema ng pagpapautang ng perang gagamitin sa paghahanda para sa pag-aaral sa High School (para sa unang grado)<br>Ang takdang halaga sa publiko ay ¥50,000, sa pribado ay ¥250,000.<br>Tumatanggap ng pautang sa ① at ang sahod pangunahing taong sumusuporta sa pamilya ay hindi sosobra ¥1,500,000 sa isang taon.<br>※Ang mga dayuhang estudyante ay hindi karapat-dapat |
| Kung saan magtatanong | Kung saang paaralan kayo naka-enroll o sa Kyoto Prefecture School Superintendent, High School Education Division, Kyoto Prefecture Department of Training and Instructing, Education Division of Culture and Department |

| Proyektong sumusuporta sa pagpasok at pag-aaral sa high school sa Kyoto City (Kyoto-shi Koko Shingaku/Shuugaku Shienkin Shikyu Jigyo) | Pagbigigay |
|---|---|
| Kung sino | Batang nakatira sa loob ng Kyoto City at ang pamilya ay tumatanggap ng pampublikong suporta. Bata sa pamilyang libre ang buhis (pamilyang wala ang nanay o tatay). |
| Ibibigay na halaga | - Perang magagastos sa pagpasok (para sa unang grado)<br>* Bata sa pamilyang tumatanggap ng pampublikong suporta<br>Pribado: (Full-time) ¥110,000 (Part-time) ¥69,000<br>* Bata sa pamilyang libre ang buhis<br>Public: ¥63,000<br>Private: (Full-time) ¥178,000 (Part-time) ¥137,000 (Correspondence Course) ¥45,000<br>- Scholarship (Tulong sa mga gastos para sa kagamitan sa paaralan atbp.)<br>* Para sa mga estudyante na kung saan ang kanilang mga magulang ay "exempted" o hindi saklaw sa pagbabayad ng buwis.(Maliban sa mga estudyante na kung saan tumatanggap ng pinansiyal na ayuda mula sa gobyerno o yung tinatawag na "Seikatsu Hogo beneficiary") ¥144,000 sa isang taon |
| Kung saan magtatanong | Kyoto City Children and Family Support Division Branch Office（Clerk ng scholarship） |

| Kyoto Prefecture High School Student Scholarship Program (Kokosei Kyufu-gata Syogaku-kin Sikyu Jigyo) | Pagbibigay |
|---|---|
| Kung sino | Batang nakatira sa Kyoto Prefecture (maliban sa Kyoto City) na ang pamilya ay tumatanggap ng pampublikong suporta.<br>Bata sa pamilyang libre ang Municipal Inhabitant Tax (pamilyang wala ang nanay o tatay). |
| Ibibigay na halaga | [Bata sa pamilyang tumatanggap ng pampublikong suporta]<br>- Perang magagastos sa pagpasok (para sa unang grado)<br>Pribado: (Full-time) ¥110,000 (Part-time) ¥69,000<br>- Scholarship (para sa mga highschool na estudyante ng ibang prefecture at mga paaralan ng estudyanteng tagaibang bansa)<br>Pribado: (Full-time) ¥19,000 pataas sa isang buwan<br>[Bata sa pamilyang libre ang Municipal Inhabitant Tax]<br>- Perang magagastos ng pagpasok (para sa unagn grado)<br>Publiko: ¥63,000<br>Pribado: (Full-time) ¥178,000 (Part-time) ¥137,000 (Corresponce Course) \45,000<br>- Pera para sa pagsusuporta (gastos para sa school supplies) \60,000 sa isang taon sa lahat ng kurso ng High School<br>- Scholarship (para sa mga highschool na estudyante ng ibang prefecture at mga paaralan ng estudyanteng tagaibang bansa)<br>Pribado: (Full-time) hanggang \33,000 sa isang buwan (Part-time) hanggang \24,000 sa isang buwan<br>-Para sa estudyanteng nasa special needs school,sa specialized course( sa pang 4, 5taon) ￥16,000.<br>-Para sa nasa special needs school(walang specialization course)￥14,000 |
| Pamuna | Sa tumanggap ng ibang scholarship, mayroong posibilidad na ang ibibigay na halaga ay bababa. |
| Kung saan magtatanong | Prefectural Health Center, Prefectural Area Promotion Bureau |

Karagdagan sa mga nabanggit, mayroon ring School-commuting Expenses Assistance at iba pang sistema ng pagsuuporta para sa mga pamilyang wala ang tatay o nanay, pero ang halaga nito ay hindi masyadong malaki at may may mga limitasyon. Para sa karagdagang impormasyon, tignan ang homepage ng Kyoto Prefecture Board of Education na nakatala sa talaan ng sistema ng pagsusuporta.

- Kyoto Prefectural Board of Education　URL
https://www.kyoto-be.ne.jp/gakkyou/cms/?p=4092
Mayroon ito sa mga wikang Japanese, English, Chinese at Korean.

- Kyoto City Board of Education　URL
http://www.city.kyoto.lg.jp/kyoiku/
Sa Japanese lamang.

## 9. Para sa mga magulang

Para sa mga ikatlong grado, papalapit na ang panahon para magpasiya tungkol sa sariling “career”. Ang mga sumusunod ay kahilingan namin sa mga magulang.

1) Makipag-usap kayo nang mabuti sa inyong mga anak tungkol sa kanilang career. Pag-usapan din ang kalagayan ng bahay at respetuhin ang kagustuhan ng anak. Magbigay ng payo bilang nakatatanda kapag kulang ang pag-iisip ng bata.

2) Huwag isiping ayos lang basta pumasa. Isipin nang mabuti kung ang career ay nababagay ba sa anak o kung makakaya ba niyang mag-aral nang 3 taon atbp. Isipin nang mabuti ang kinabukasan bago pagpasiyahan ang paaralang kukunan ng pagsusulit.

3) Gawing kaugalian ng anak ang pag-aaral sa bahay. Kung hindi niya natutunan ang mag-aral sa bahay, hindi lamang sa klase kundi pati sa high school ay hindi niya maiintindihan ang mga aralin. Tiyaking ipaalam sa kanyang mas mahirap pa ang pag-aaralan sa high school.

4) Nagkakaroon ng pagsusulit sa labis na malamig ang panahon. Mag-ingat para hindi sipunin, at magkaroon ng maayos na lifestyle at life rhythm sa araw-araw na pamumuhay.

5) Dapat sundin ang deadline ng pagsusumite ng mga dokumento ukol sa career advancement. Kapag nahuli ang pagsusumite, maaaring hindi makapagsulit. Kung hindi alam kung paano pupunan ang mga dokumento, kumonsulta sa titser.

6) Ang mga opisyal na dokumento tulad impormasyon tungkol sa pagsusulit sa bawat high school at mga application form ay ipapasa sa inyo ng junior high school. Huwag malinlang sa tismis at maling impormasyon. Kapag may hindi maintindihan, tanungin lamang sa guro ng junior high school.

7) Bigyan ng lakas at pag-asa ang anak upang makapagpunyagi sila para maganap ang kanilang career.

## Sanggunian 1 Kung saan puwedeng kumonsulta

| Kyoto City International Foundation | |
|---|---|
| Telepono | 075-752-1166 (Administrative Interpreter Consultation)<br>075-752-3511 (Business Section) |
| Nilalaman | 1) Administrative Interpreter Consultation (maliban sa simula at katapusan ng taon)<br>- Serbisyo ng interpretasyon ng usapan sa telepono sa pagitan ng dayuhang residente at administrative organization sa Kyoto City atbp.<br>- Pagsagot sa mga tanong ukol sa paggamit at pag-apply sa ng mga administrative services (sa pamamagitan ng telepono o pagbisita sa foundation)<br>mula 9:00 hanggang 17:00 ng Martes, Huwebes (English), Miyerkules, Biyernes (Chinese)<br>2) Pagkokonsulta ng pamumuhay at pagbibigay ng impormasyon<br>mula 9:00 hanggang 21:00 （maliban sa tuwing Lunes at simula at katapusan ng taon) |

| Fushimi Youth Action Center | |
|---|---|
| Telepono | 075-611-4910 |
| Nilalaman | - Pagsusuporta para sa mga batang dayuhan na nakatira dito sa Bansang Hapon (paggaganap ng mga exchange meeting atbp.)<br>- Japanese class (Lunes) 19:00 - 20:30 (Sabado) 10:00 - 11:30 |

| 京都府国際センター Kyoto Prefecture International Center | |
|---|---|
| Contact Number | 075-681-4800 |
| Details | ① Multilingual Consultation for Daily Living（23Languages）<br>10：00am~5:00pm(except Tuesdays･Holidays･New Year Holiday Season)<br>② Expert Consultation（Please make a reservation）<br>・Visa Consultation : Every 4th Sunday of the month 1:00pm~4:00pm<br>・Legal Advice：Ang petsa at oras ay pag-uusapan at pagpapasya.（30 minuto bawat tao）<br>③ Japanese Lesson<br>④ Impormasyon sa pamumuhay na ibinigay ng SNS (facebook/LINE/twitter) |

| Kyoto YWCA　APT (Asian People Together) | |
|---|---|
| Telepono | 075-431-0351 |
| Nilalaman | - Pagkokonsulta sa telepono<br>℡: 075-451-6522<br>(Lunes) 13:00 - 16:00　(Huwebes) 15:00 - 18:00<br><br>- Paggawa ng pagkakataon ng pakikipag-ugnayan para sa mga bata, pagsusuporta ng pag-aaral. |

| Center for Multicultural Society Kyoto | |
|---|---|
| Telepono | 075-746-2374 |
| Nilalaman | - Medical Interpreter(Tagapagsalin ng salitang Pang Medikal)<br>- Pagsasalin, Pagpapadala ng lecturer |

| Kyoto Nihongo Rings (network ng Japanese class sa loob ng Kyoto Prefecture) | |
|---|---|
| Nilalaman | Nakalagay sa homepage ang mga impormasyon ukol sa mga Japanese class sa loob ng Kyoto Prefecture sa iba't ibang wika. |

## Sanggunian 2 Mga salitang may kaugnayan sa career

- **Career Advancement Meeting (Shinro Setsumeikai) …** Miting para ipaliwanag ng guro ang tungkol sa career advancement sa mga magulang ng estudyante. Karamihan ay sa bawat grado nagkakaroon nito.

- **Pulong ng guro, magulang at estudyante (Sansha Kondan), Pagkokonsulta ng career (Shinro Soudan) …** Pagkokonsulta tungkol sa pamumuhay o career kasama ang guro, magulang at estudyante.

- **Application Form (Gansho) …** Ito ang application form para kumuha ng pagsusulit. Kailangang isulat ang tirahan, kaarawan, atbp. Dapat tama ang nakasulat ayon sa Residence Certificate (Alien Registration Card o resident Card). Kung ang ginagamit na pangalan sa paaralan ay ang Japanese name, maaring ito rin ang gamitin sa application form. Sabihin lamang sa guro kung alin ang gustong gamitin. At ang pagsusumite ng application form sa High School ay tinatawag na “Shutsugan.” Kailangan ditto ang “Jukenryou” o exam fee.

- **School District ng mga public high school (Kouritsu koukou no Tsuugaku ken) …** Sa mga public high school, may nakatakdang district kung saan puwedeng pumasok depende sa lugar na tinitirahan ng magulang. Ang tawag dito ay School District (Tsuugaku ken). May 5 na school district sa Kyoto Prefecture. Alamin kung aling school district ang tinitirahan.

- **Written Report (Houkokusho) …** Nakasulat dito ang mga grado, kalagayan ng club activity at special activity atbp. Kasinghalaga nito ang pagsusulit.

- **Individual Selection (Tandoku Sembatsu)…**Paraan ito ng pagpili ng papasa mula sa nakatakdang bilang ng estudyanteng papasok sa bawat paaralan.

## Pahuling Salita

Ang nagpasimula ng "Career Guidance sa Iba't Ibang Wika" ay ang "Kyoto Network for Newcomer Children and Returnee Children (Tokimeki)". Mula noong 2012, ginaganap ito sa pamamahala ng Kyoto City Board of Education.

Sa programang ito, marami ang nakipagtulungan at una sa kanila ang mga guro sa "Kyoto City Junior High School Education Committee, Career Guidance Division". Marami ring tumulong sa paggawa ng materyal na ito para suportahan ang mga batang may kaugnayan sa ibang bansa. Hinihiling namin na ang bawat bata ay magkaroon ng pag-asa sa kanilang kinabukasan, at matulungan silang kamtan ang kanilang napiling career.

**Kyoto Network for Newcomer Children and Returnee Children (Tokimeki)**

Ang "Tokimeki" na host ng "Career Guidance sa Iba't Ibang Wika" kasama ang Kyoto City Board of Education ay itinatag sa Kyoto noong taong 2003. Hangarin ng network na ito na magtulung-tulong upang tuparin ang layunin ng bawat grupo o indibiduwal na may interes tungkol sa mga bata o estudyanteng may language barrier sa wikang Hapon, dahil nanirahan sila sa dayuhang bansa kasama ang kanilang magulang na nagtatrabaho roon, o dahil kadarating lang nila sa bansa, o dahil anak sila ng Hapon at dayuhan. Ang bumubuo ng network na ito ay mga paaralan, guro, auxiliary organization, NPO, NGO, volunteers atbp. Ang mga kasali dito ay:

- Momoyama Junior High School attached to Kyoto University of Education
- Kyoto City Youth Service Foundation, Fushimi Youth Action Center
- Kyoto YWCA・APT
- Kyoto City International Foundation